



ULAT

(ISSN-0014-0149)

GITNANG LUZON

Incorporated as second class mail matter at San Fernando, Pampanga Post Office, in May 1984. (Posta No. 2)



BINTI AWARDEE
Agricultural Newsletter
of the year 1989, 1990

National Gawad Saka Winners 2013



Apat na magsasaka at BFT
sa Gitnang Luzon, National
Winners sa Gawad Saka

Bagyong Santi tinumbok
ang Gitnang Luzon

Dalawang bayan sa
Gitnang Luzon nagwagi sa
dekalidad na mais

National CSB at FSP
Conference ng DA,
naging matagumpay

Nueva Ecija, sentro ng
pagpaparami ng
pang-bulubunduking
palay

Mga manggagawa sa
kanayunan, patuloy na
aayudahan

Pag-aalaga ng Pechay

Pag-aalaga ng Ampalaya

DA-RFU-III KEY OFFICIALS

*Andrew B. Villacorta DVM,
CESO IV
Regional Director*

*Engr. Crispulo G. Bautista Jr.
Regional Technical Director*

*Atty. Jennilyn Dawayan
Regional Technical Director*

*Benjamin M. Baltazar
OIC-Chief, Operations Division*

*Arleen Torres
OIC-Chief, Administrative Division*

*Medardo Ongtango
Chief, Finance Division*

*Dr. Eduardo Lapuz Jr.
Chief, Regulatory Division*

*Edna David
PMED Chief*

*Orlino Mercado Ph.D.
Chief, Research Division*

EDITORIAL BOARD

*Felicito Espiritu Jr.
Editor-in-chief*

*Ozanne Ono Ocampo
Mark Erron San Mateo
Writers*

*Jonnell Castillo
Darrell Sunga
Layout Artists*

*Rjta San Luis
Bendimnia Dizon
Circulation*

*Manuel Serafica Jr.
Eduardo Jabor
Edgar Dale
Fernando Castro
Photographers*

*Pedro S. Samonte
Technical Consultant*

For more information visit us at:
www.rfu3.da.gov.ph
or e-mail us at:
da_rfu3@yahoo.com



Nilalaman

- 3** Limang karangalan sa Gawad Saka nakuha ng Reg. III
- 4** Pitak ng Direktor
- 5** Kuntil butil sa kabukiran
- 6** Apat na magsasaka at BFT sa Gitnang Luzon, national winners sa Gawad Saka
- 9** Bagyong Santi, tinumbok ang Gitnang Luzon
- 10** Saging, Kape at Rambutan... Ayuda ng HVCDP sa mga taga Aurora, patuloy
- 11** Unang Trade Fair ng Gitnang Luzon idinaos sa Pampanga
- 12** Dalawang bayan sa Gitnang Luzon nagwagi sa de kalidad na mais
- 13** National CSB at FSP Conference ng DA, naging matagumpay
- 14** Tianggihang handog para sa Pas-ko 2013, inilunsad
- 15** News Bits
- 18** Mga manggagawa sa kanayunan, patuloy na aayudahan
- 20** Nueve Ecija, sentro ng pagpaparami ng pang-bulubunduking palay
- 22** Oganikong magsasaka ng taon
- 24** Pag-aalga ng Pechay
- 27** Pag-aalaga ng Ampalaya

Ismagling ng bigas

Ang ismagling ay ang pag-angkat ng mga paninda gaya ng bigas, mula sa ibang bansa nang hindi nagbabayad ng karampatang buwis.

Ang pagpupuslit ng bigas o anumang paninda sa ating bansa ay isinasagawa sa dalawang paraan: una ay ang tahasang pag-iismagel. Ipinupuslit ang bigas sa ilegal na paraan: ang pangalawa naman ay technical smuggling, kung saan gumagawa ng paraan ang mga ismagler na makaiwas o mabawasan ang karampatang buwis sa pamamagitan ng misdeclaration, undervaluation o misclassification ng mga paninda. Minsan pa nga ay bigla na lang mawawala sa adwana.

Di man sabihin, malaki ang epekto ng ismagling ng bigas dahil napapababa nito ang presyo ng kalakal sa pamilihan na nagpapababa naman ng kita ng magsasaka. Bukod dito nalilito ang pamahalaan sa pagtantiya ng wastong dami ng bigas na nasa bansa na kailangan para sa seguridad sa pagkain sa bansa.

Ang pagkakataong kumita ng mas malaki ang pangunahing motibo ng mga ismagler ng bigas. Kung ating pag-aaralan, medyo mababa ang halaga ng bigas sa pandaigdigang kalakalan. Noong taong 2000, mas mataas ang presyo ng ating bigas ng halos 75 porsiyento kung ihahambing sa presyo sa world market. Noong 2012, mataas ang ating bigas ng halos 30 porsiyento.

Ang malaking kaibahan ng halaga ng bigas sa world market ay sa dalawang dahilan: una ay ang mga polisiya ng pamahalaan sa pag-aangkat ng bigas na nililimitahan ang pagpasok ng bigas sa bansa. Ang pangalawa ay ang mataas na halaga ng pagpapalayan sa atin.

Simula pa noong 1995, nililimitahan na ng pamahalaan ang pagpasok ng bigas, bilang polisiya. Pinairal nito ang Quantitative Restriction (QR) sa ilalim ng Minimum Access Volume (MAV). Ito ay napagkasunduan sa World Trade Organization o WTO. Ang QR ay naglalayong protektahan ang mga magsasaka at maging mga lokal na negosyante ng bigas.

Kung ani ang pag-uusapan sa pagpapalayan, hindi naman pahuhuli ang ani sa ating bansa. Kung tutususin, masangat pa nga ang pangkaraniwang ani natin. Ngunit sa pag-aaral, ang magsasakang Pilipino ay gumagastos ng P11 bawat kilo ng kanilang inaaning palay, samantalang sa mga karatig bansa natin ay halos mahigit lang P5 bawat kilo.

Isang dahilan dito ay ang sa malaking subsidya ng kanilang pamahalaan sa mga magpapalay sa ibang bansa. Sa China halimbawa, libre sa magsasaka ang mga binhi ng inbred at hybrid rice; may \$20.83 subsidya sa bawat bag ng Urea; walang bayad ang patubig; walang bayad ang amilyar sa lupa; 5 porsiyentong tubo sa puhunan, ngunit binabayaran ng pamahalaan ang 80 porsiyento nito; 30 porsiyentong diskuwento sa combine-harvester at thresher; 50 porsiyentong diskuwento sa patuyuan; binibili at binibigyan ng proteksiyon ang lahat ng inbred rice.

Bukod sa mga subsidya, mababa rin ang halaga sa paggawa dahil sa mga makinarya. Malayo pa ang Pilipinas kung makinarya ang pag-uusapan. Madalang pa nga ang mga combine-harvester thresher, reaper, at mga patuyuan dito sa atin, kaya nananatiling malaki ang ating gastos sa pag-gagapas, pagpapagiik, paghahakot at pagpapatuyo ng palay. Marami pa ang mano-mano sa pagtatanim.

Sa 2016, mawawala na ang mga QR at MAV sa ilalim ng WTO. Ngayon pa lang ay dapat na tayong mag-isip kung paano makikipagkumpetensya sa ibang kalapit bansa sa pagdagsa ng kanilang mga produkto.

Kung hirap ang ating pamalaan na magkaloob ng subsidya sa mga magsasaka, kumilos tayo sa ating sariling pamamaraan na pataasin ang lebel ng ating mga produktong pangsakahan upang hindi tayo maiwanan ng ating mga karatig bansa. Kaya natin ito. Kung may ilan na sa magsasaka na ang kumikita na ng P1 milyong piso bawat ektarya kada taon, walang duda na makakaya din natin ito.



Dr. Andrew B. Villacorta
DVM, CESO IV
Regional Executive Director

Pitak ng Direktor

Angat pa rin ang Gitnang Luzon

Nagdaan ang taong 2013, na tinawag nating National Year of Rice (NYR 2013). Sa kauna-unahang pagkakataon, umabot ang ani ng palay sa bansa ng mahigit 18 milyong tonelada. Sapat ito upang maabot ang 97 porsiyentong kasapatan sa bigas.

Sa Gitnang Luzon nakapag-ambag tayo ng may 18.49 porsiyento sa pagpapalayan sa bansa kahit pa nasentruhan ang lalawigan ng Nueva Ecija ng bagyong Santi noong nakaraang taon. Mula sa kabuohang ani ng palay sa Gitnang Luzon noong 2012 na 3.2 milyong tonelada, umangat ito sa 3.4 milyong tonelada.

Taong 2013 din nang pinarangalan ang Gitnang Luzon sa taunang timpalak ng Gawad Saka Annual Search for Outstanding Farmers. Apat na magsasaka

at isang Barangay Food Terminal ang kinilala bilang national winners. Ito ang kauna-unahang pagkakataon na umani ng limang national winners ang Gitnang Luzon.

Bukod sa Gawad Saka, kinilala rin ang Gitnang Luzon sa taunang Search for Rice Achievers. Sa tatlong sunod-sunod na taon, dalawang lalawigan, pitong bayan at 79 na Extension Workers mula sa Region III ang pinarangalan bilang mga Rice Achievers ng taon.

Bukod sa palay, nagpakita din ng positibong pag-angat ang ilan pa sa mga pangunahing produktong pang agrikultura ang Gitnang Luzon.

Sa maisan, umani tayo ng may 227,765 metriko tonelada mula sa 210,574 ani nang nagdaang taon. Mas mataas ito 3.09 porsiyento kay sa ani ng 2012. Tumaas ng 9.07 porsiyento and iniluwang na sakahin sa maisan.

Sibuyas nagpakita ng pinamataas na pang-angat ng ani. Mula sa 72,499 tonelada

noong 2012, umangat ito ng 164,117 metriko tonelada. Mahigit na 126 porsiyentong pag-angat ito at nakapag-ambag tayo ng 60 porsiyento sa suplay ng sibuyas sa bansa.

Nagpakita rin ng positibong pagtaas ang mga karne ng baboy, itik, manok, baka, kambing, at mga itlog ng manok at itik, maliban sa sa karne ng kalabaw na medyo bumaaba ng kaunti. Nagpakita rin ng pagbaba sa ani ng saging at pinya na pawang mga produkto sa Aurora na tinamaan ng bagyo.

Pasalamat natin ang mgamasisipagnamagsasaka, mga maghahuyupan, mga agricultural technicians, mula sa mga munisipalidad hanggang sa rehiyon na sama-samang nagsusumikap upang patuloy na mai-angat ang ang agrikultura sa bansa. Sa kanilang sipag at tiyaga, walang duda na maabot natin ang minimithing kasapatan sa pagkain at pag-angat ng kita ng bawat isa.



Kuntil butil sa kabukiran

Dusa ng mga magsasaka ang bagyo

Ni: Jun Espiritu

Ngayon pa lang ay nagbababala na ang PAGASA, at maging mga eksperto sa buong mundo na maaring magkaroon ng tagtuyot sa Pilipinas simula Hunyo ng taong ito. Maari daw tumagal ito ng hanggang pitong buwan. Kasaama ang pitong lalawigan sa Gitnang Luzon ang maaring maakeptuhan ng El Nino. Naobserbahan ng mga eksperto ang abnormal na pagtaas ng init sa karagatan na isang indikasyon na halos 67 porsiyento na mangyayari ito.

Bagama't sinasabi nila na patuloy pa rin ang mga ulan na dala ng malalakas na bagyo, mainam na din na laging handa ang mga magsasaka. Mabuti na lang ang at may mga binhi na tayo ng palay na natuklasan na maresistensiya sa tagtuyot. Ipinapayo po natin na magtanim ng mga binhing maresistensiya sa tagtuyot lalo na sa mga palayang sahod ulan.

Maligaya ang mga magsasaka ng palay ngayon. Kasi nga ay ngayon lamang nakatikim ng presyo ng palay na naglalaro mula P20 hanggang P23. Hindi pa kaillian man nangyari ito, ayon sa ilang magsasakang ating nakausap.

Bukod pa sa mataas ang presyo, napakaganda rin ng ani. Lumalaro sa 200 cavan isang ektarya ang hybrid at 150 cavan sa isang ektarya naman ang mga inbred, lalo ang RC NSIC 222. Meron pa kayang mabiling palay ang NFA kung ganito ang presyuhan? P17 lang kasi isang kilo ang kanilang bilihan. Tuyo pa ang hinahanap.

Kung ganito ang halaga ng

palay, malamang na lumaro din sa mahigit P2,000 libo ang halaga ng bigas isang sako. Paano na ang kumukunsumo ng bigas? Dusa.

Samantala, aprubado na rin ang importasyon na 900,000 metriko toneladang bigas mula sa Vietnam. Ito ay upang matugunan ang buffer stock na kailangan sa seguridad sa pagkain.

Makabibili pa rin naman siguro ng murang bigas sa NFA.

Dalawang taon mula ngayon, matatanggal na ang taripa sa pagpasok ng bigas at mga panindang pang-agrikultura sa bansa. Ito ay nakasaad ayon sa kasunduan sa World Trade Organization (WTO) na nilagdaan ng Pilipinas. Libre nang mag-angkat at magluwas ng mga produkto ang mga karatig nating bansa. Ito ang dapat paghandaan ng bawat magsasakang Pilipino.

Ngayon pa lamang ay dapat nang pagtuunan ng pansin kung paano makikipagkumpetensiya ang ating mga produkto sa ibang bansa,. May bentahe ang ating mga kalapit bansa. Mas mababa ang kanilang cost of production kaysa atin. Kung sa atin ay inaabot ang gastos sa pagpapalayan ng halos P11 bawat kilo, halos kalahati lamang ang gastos sa ibang bansa. Ito ay dahilan sa suporta ng kanilang pamahalaan sa mga magsasaka.

May katuwirang isulong ng puspusanan ang Farm Mechanization Program ng DA. Mapapansin po natin na may gumagana nang mga combine harvesters na pinauupahan na ng

ilang mga kooperitiba at maging mga pribadong mamumuhunan. Bukod sa mas episyente, mas mura ito kaysa mano-manong paggapas at paggiik.

Dati-rati ay inaabot ng 16 na porsiyento ang gapas at giik. Sa ngayon ay inaabot na lang ng 13 porsiyento. Kung minsan pa nga kung nagsasabay sa isang lugar ang ilang mga makina, kaya pa itong ibaba ng hanggang 10 porsiyento.

Hindi lang naman sa palay ang dapat pagtuunan ng pansin ng ating mga magsasaka. Sa nakaraang kaganapan sa PhilRice, inulunsad ang isang kakaibang gimik. Ito ang “Gusto Namin, Miiyonaryo Kayo” Nais ng DA na kumita ang mga magsasaka ng isang milyon bawat taon sa isang ektaryang bukid. Hindi naman imposible ang pangarap na ito ng DA. Katunayan nga ay nagawa na ito ng ilang progresibong magsasaka sa Gitnang Luzon. Ilan sa mga ito ay naging milyonaryo sa pagtanim ng gulay, pag-aalaga ng gatasang kalabaw, pagmamaisan, palaisdaan, kambingan at iba pa.

Bagama't mayroon silang palayan, mas binigyan nila ng pansin ang mga produktong pang-agrikultura na mas mataas ang halaga sa merkado. Ito ang kanilang mga sikreto na dapat maging huwaran ng maraming magsasaka na nakatutok lang sa palay.



Sa loob ng tatlong magkakasunod mula 2011 hanggang 2013, pinarangalan ang mga Lalawigan ng Nueva Ecija at Bulacan bilang Outstanding Rice Achievers, kasama ang siyam na Bayan at 87 extension workers.



Gitnang Luzon, kinilala sa Rice Achiever Awarding

Patuloy na umani ng karangalan ang Gitnang Luzon sa larangan ng pagpapalay, nang sa ikatlong taon ng pagbibigay parangal sa Agri-Pinoy Rice Achievers para sa taong 2013, dalawang lalawigan, siyam na bayan at 87 extension workers mula sa rehiyon ang tumanggap ng parangal dahil kanilang kabuohang ambag sa pagpapataas ng ani sa bansa.

Muling nakamit ng mga lalawigan ng Nueva Ecija at Bulacan ang karangalan bilang Outstanding Agri-Pinoy Rice Achievers sa bansa.

“Ito ang ikatlong taong sunod na nakuha ng dalawang lalawigang ito sa Gitnang Luzon ang karangalan, mula nang ilunsad ang patimpalak na ito tatlong taon na ang nakaraan.” ayon kay DA-RFO III, Regional Executive Director, Andrew J. Villacorta.

Idinagdag ni Director Villacorta na ang naging ani ng palay sa Gitnang Luzon nang nagdaang taon ay umaabot sa 3.4 milyong metriko tonelada na nagpaangat ng 5.6 porsiyento sa pangkalahatang ani at nakapag-ambag ng may 18.5 porsiyentong karagdagan na pambansang ani.

Tumanggap ang dalawang lalawigan ng plake ng pagkilala at may P4 halaga ng mga proyekto. Dumalo sa pagbibigay

karangalan ang mga Punong Lalawigan na sina Gov. Aurelio Umali ng Nueva Ecija at Gov. Wilhelmino Sy-Alvarado ng Bulacan kasama ang kanilang mga Provincial Agriculturists na sina Serafin Santos ng N. Ecija at Ma. Gloria Carino ng Bulacan.

Samantala, siyam na bayan mula sa Gitnang Luzon ang pinarangalan din bilang Outstanding Municipal Rice Achievers sa nasabing kaganapan. Pinangunahan ito ng mga bayan ng Sto. Domingo, Cuyapo, Llanera, Guimba, Talavera, Sta. Rosa, Gen. Tinio at San Jose City sa lalawigan ng Nueva Ecija at ang bayan ng San Rafael sa Bulacan. Tumanggap ang mga nabanggit na bayan ng plake ng pagkilala at tig-isang milyong halaga ng mga proyekto upang higit pang mapaunlad ang kanilang mga bayan sa pagpapalayan.

Sa nabanggit ding

kaganapan, pinarangalan naman ang may 87 Agricultural Technicians bilang Outstanding Municipal Rice Achievers mula sa Gitnang Luzon, bilang pangunahing tauhan na naikikipag-unayan at sumusubaybay sa mga magsasaka ng palay sa kanilang mga bayan. Sinabi ni Kal. Proceso J. Alcala, Kalihim ng Department of Agriculture na ang nasabing pagpaparangal na ito ay isang paraan upang pasalamat ang mga lalawigan, bayan, mga Agricultural Technologists at mga Irrigators Association sa kanilang pagsisikap upang maiangat ang ani ng palay sa ilalim ng Food Staples Sufficiency Program (FSSP) ng kagawaran.

Ang Agri-Pinoy Rice Achievers Awards ay isa sa mga insentibo at interventions ng pamahalaan upang lalong mapasigla at maiangat ang ani at kita ng mga magsasaka tungo sa kasapatan na bigas.

Ang patimpalak ay pinipili ayon sa ilang basehan sa pagpapalayan gaya ng aktuwal na pag-angat ng ani ng palay kung ihahambing sa nagdaang taon, halaga ng pondong inilalaan ng mga lalawigan at ng mga lokal na pamahalaan sa mga proyekto sa pagpapalayan, dami ng mga magsasakang nakinabang sa ang programa, antas ng paggamit ng makabagong binhi at teknolohiya.





Nagpakita ng pagtaas ang agrikultura sa Gitnang Luzon

Patuloy na nagpapakita ng pagtaas ng ani ang Gitnang Luzon sa kabila ng bagyong Santi na nanalasa sa may tatlong lalawigan sa rehiyon.

Sa ulat na inihanda ni RFO III Regional Director, Andrew B. Villacorta, nagpakita ng pagtaas ng ani sa palay nang umabot sa may 3,406,468 MT ang naging ani sa mga palayan. Mula ito sa 3,220,607 MT na ani nang nagdaang taon. Katumbas ito ng 2.6 pag-angat ng ani at nakapag-ambag tayo ng 18.49 porsiyento sa pangkalahatang ani ng palay sa bansa.

Sinabi ni Dir. Villacorta na ang pagtaas na ani sa palay ay dahil sa mga interventions na ginawa ng rehiyon upang mapataas pa ang ani.

Ilan dito ay ang pagpapalawak ng taniman ng palay, pag-aani ng tatlong beses sa ilang mga piling lugar, malawakang paggamit ng hybrid at mga bagong inbred rice na halos umaabot din ang dami ng ani sa mga hybrid, suporta sa patubig at iba pang imprastruktura, paggamit ng makinarya sa mula sa paghahanda ng bukid hanggang sa mga combine harvesters, reapers, threshers atbp.

Ang isa pang kalakal na kinakitaan ng pinakamataas na pag-angat ay ang sibuyas na umabot sa 126.37 porsiyento ang naging pag-angat. Mula sa aning 72,499.43 tonelada dalawang

taon ang nakaraan, umani ang sibuyas nang kabuohang 146,117 tonelada. Bagama't hindi naging kataasan ang halaga ng sibuyas sa panahon ng anihan, kuntento naman ang magsasaka sa naging kalakaran ng pamilihan sa kabuohan. Nag-ambag ang Gitnang Luzon ng may 60 porsiyento sa kabuohang ani ng sibuyas sa bansa.

Nagpapasalamat ang magsisibuyas sa kanilang paggamit ng mga makabagong hybrid na mga sibuyas at sa magandang panahon na ipinagkaloob ng Diyos.

Nakapagbigay ng 1000 kilo ng sari-saring gulay ang programa ng HVCD, 500 kilo ng spices, 200,000 punla ng malunggay, 10,000 mangga, 5,000 rambutan, 5,000 calamansi, at 50,000 kape. Nadagdagan na ito ng 24,000 punla ng saging na saba at may 550,000 na kamoteng baging.

Maging ang produksiyon ng mais (dilaw at puti) ay nagpamalas din ng kasiglahan ng umangat ang kabuohang ani ng mais nang mula sa aning 10,574 MT noong 2012 ay umangat ito sa 227,765 MT. Ito ay nagrehistro ng pagtaas na 8.16 porsiyento, ayon sa Bureau of Agricultural Statistics (BAS). Ngunit ang may 89 na feedmillers na nakabase sa Gitnang Luzon ay nangangailangan ng may 700,000 MT bawat taon.

Nagpakita rin ng pag-an-

gat ang ani ng Cassava o Kamoteng Kahoy na sumusuporta sa sa feedmills nang umani ng may 60,000 MT nang nakaraang taon. Patuloy din ang pag-ambag ng Gitnang Luzon sa pagkain sa bansa. Tumaas ang karne ng baboy sa 362,341 MT mula sa 338,493 MT taong 2012. Ganoon din ang karne ng baka na tumaas naman ng 1.8n porsiyento. Malaki din ang itinaas ng karne ng manok at itlog na nagtala ng 36.36 at 20.21 porsiyento pagtaas. Maging ang karne ng itik at itlog ay nagpakita ng 41.57 at 31.73 porsiyentong pagtaas. Maging ang bilang at karne ng kambing ay tumaas din ng 10.65 porsiyento.

Patuloy namang walang naitalang mga sakit ng mga hayop sa rehiyon na nagpapatunay na ang Pilipinas ay libre pa rin sa Foot and Mouth Disease (FMD) at Avian Influenza Virus (AIV). Ang mga sakit na ito na nanalanta sa ibang kalapit na bansa ay maingat na minomonitor upang huwag umabot sa Pilipinas. Pati ang mga lason sa paghahayupan at mahigpit na sinusubaybayan ng Feed Laboratory sa rehiyon.

Patuloy naman ang implementasyon ng National Organic Agriculture program na patuloy na sinusubaybayan upang mapaluwang at maparami pa ang mga magsasakang taumatanggap sa paraan ng organikong pagsasaka sa pitong lalawigan sa Gitnang Luzon. Nagtatag ny pitong

organic farming demonstration farms sa bawat lalawigan.

Naging sentro ng pakitang gawa sa organikong pagsasaka ang CLIARC Lowland sa Tarlac, kung saan iba't ibang teknolohiya sa organic agriculture ang sinasaliksik at aktuwal na ginagawa ang upang higit pang mapaunlad ang organikong pagsasaka sa bansa. Ilan sa mga sinasaliksik ay paggawa ng organic fertilizer sa pamamagitan ng vermicompost, germ plasm bank, organic herbal garden, organic duck production, organic, indigenous vegetables, organic cassava at sweet potatoes plantation at iba pa. Nakapagbigay ang programa sa organic agriculture ng may 34 na shredding machines, 15 vermibeds at 30 vermitea brewers sa anim namang kooperatiba ang inaprubahan na iba't-ibang organic projects.

Ang Agricultural Marketing Division ay nag-ulat na may 30 Municipal at Barangay Food Terminal (BFT) ang inilunsad sa iba't ibang lugar sa Gitnang Luzon. Patuloy na minomonitor ang katayuan ng mga BFT at MFT upang manatiling masigla ang kanilang mga pamamalakad.

Maraming karangalan ang natanggap ng Rehion III nang nakaraang taon bilang patotoo sa sipag at tiyaga ng mga magsasaka sa Gitnang Luzon. Apat na magsasaka at isang Barangay Food Terminal ang pinarangalan bilang national winners sa taunang patimpalak ng Gawad Saka. Nanguna rito sina Alexander Parducho ng Sta. Rosa Nueva Ecija na kinilala bilang Organic Farmer of the Year; Reynaldo Hilario ng Talavera, Nueva Ecija na kinilala bilang Outstanding High Value Commercial Crops (HVCD) na

kinilala sa larangan ng paggugulayan; si Juanito V, Rama ng San Manuel Tarlac, bilang Outstanding Corn Farmer; at si Ravenal R. Quizon ng San Ildefonso, Bulacan na itinanghal naming Outstanding Large Animal Raiser. Ang Maligaya Barangay Food Terminal naman ng Dilasag, Aurora, ang itinanghal bilang Outstanding BFT- LGU Managed ng nakaraang taon.

Maging ang industriya ng pagpapalayan ay tumanggap din ng karangalan ng nakaraang taon. Sa tatlong magkakasunod na taon, tinanggap ng mga lalawigan Nueva Ecija at Bulacan ang karangalan bilang Outstanding Rice Achievers na taunang patimpalak ng DA. Pitong lalawigan at 87 Extension workers ang pinarangalan sa nabanggit na patimpalak.



Limang Bagong Binhi ng palay, apat pang teknolohiya, inilabas ng PhilRice-DA

Limang bagong binhi ng palay ang inilabas ng PhilRice-DA sa sa pagdiriwang kamakailan ng Lakbay Palay na isinagawa sa Central Experiment Station ng PhilRice sa Science City of Munoz, Nueva Ecija.

Pinangunahan ni Kalihim

sa sahod ulan (rainfed) ang inilabas. Ito ay ang Sahod Ulan 11 (NSIC Rc346).

Sa mga lugar naman na pinapasok ng tubig alat, inilabas ang Salinas 10 (NCIC Rc324) na kayang matolerate ang tubig alat. Mayroon ding inilabas na isang ispesyal na

opper, Bacterial Leaf Blight, Sheath Blight at Rice Blast. Ang mga bagong barayti na inilabas ay pawang mga paaga na inaabot lamang ng 104 hanggang 114 na araw.

Susubukan naman sa lahat ng rehiyon ng DA ang mga binhing ito sa pamamagitan Participatory Variety Selection (PVS). Ang PVS ay isang siyentipikong pag-aaral sa mga binhi ng palay ulang malaman kung gaganda ang tayo at ani ng palay ayon sa mga local na klima at kundisyon. Magtatatag din ang mga Regional Offices ng DA ng demonstration farms upang ipakita ang mga binhi.

Sa nasabing kaganapan, pinangunahan ni Kalihim Alcala ang iba pang mga bagong teknolohiya na maaring pakinabangan ng magsasaka.

Una rito ang paggamit ng *Metharhizium anisopliae* na karaniwan nang ginagamit ng magsasaka sa pagsugpo ng Rice Black Bug (RBB). Karaniwan nang ginagamit ito nang nakaplastik na supot lang mula sa mga laboratoryo ng DA at isinasabog sa palayan kung saan maraming RBB. Nagawa ng PhilRice na gawing pulbos ito na mas madaling iisprey sa palayan. Napatunayan ng PhilRice na mas ligtas ito sa kapaligiran at hindi nag-iwan ng



Proceso J. Alcala, ng Department of Agriculture ang pagpapakilala sa mga bagong binhi ng palay at apat pang bagong teknolohiya ng PhilRice.

Ang mga pinakabagong binhi ng palay na inaprubahan na upang paramihin sa buong bansa ay dalawang inbred varieties para sa mga palayang may patubig (irrigated). Ito ay ang Tubigan 26 (NSIC Rc308) at Tubigan 23 (NSIC Rc298).

Isang barayti naman para

barayti na tinawag na Mabango 4 (NSIC Rc342SR). Ang huling barayti inilunsad ay isang hybrid na tinawag na Mestiso 48 (NSIC Rc318H).

Sa mga naunang pagsubok na isinagawa ng PhilRice, lumalabas na ang mga binhing ito ay kayang umani ng mula 7 hanggang 10 tonelada bawat ektarya. Masarap itong kainin at matibay sa mga karaniwang peste at sakit ng palay gaya ng Rice Stemborer, Green Leafhopper, Brown Plant

mga residues sa halaman, at ligtas kainin ng mga hayop.

Ipinakita kita rin ang bagong imbentong rototiller na matipid na naihahanda ang bukid. Kung dati ay ilang beses padaanan ng mga magsasaka ang iniha-handang bukid – mula pag-araro, basag ng pahalang, basag ng paayon at paglilinang - magagawa na ito sa dalawang hanggang tatlong lusong na lang. Ikinatuwa ni G. Alcalá na nag-utos siya na ang sampung handtractor na ipinamigay sa isang piling kooperatiba ay mabigyan ng katulad na attachments sa paghahanda ng bukid.

Ipinakita rin ng PhilRice ang kanilang nilikhang masustan-

syang inumin mula sa bigas. Ito ay ang Nutri-rice Milk na mula sa pinatubong brown rice na nilagyan ng Gamma Amino Butyric Acid. Makatutulong ito ayon sa kanilang pag-aaral sa sirkulasyon ng dugo na nakakaganda sa puso at utak ng tao. Naniniwala din ang mga siyentipkong lumikha nito na nakakatulong ang Nutri Milk upang maiwasan ang mabilis na pag-idad (anti-aging).

Ang huling teknolohiya na ipinakita ay ang Rice Crop Manager, na ayon sa nga eksperto ay makatitipid ang ng magsasaka ng P4,500 bawat isang ektarya. Ang teknolohiyang ito ay gamit ang internet kung saan maaring alamin ng mga magsasaka sa

anumang problema sa kanilang palayan. Sa isang pindot sa computer ng <http://webapps.irri.org/ph/rcm> anuman ang mga problema ng magsasaka ay mabibigyang lunas, mula sa sakit at peste sa palayan, dami ng abonong ilalagay, paghahanda sa bukid at iba pang kultura sa pagpapalay.

Nagtapos ang taunang Lakbay Palay sa isang open forum kung saan nagkaroon ng dayalogo si Kal. Alcalá sa mga magsasaka na nagmula pa sa halos lahat ng rehiyon sa Pilipinas. Dinaluhan ang apat na araw na kaganapang ito sa Philrice ng mga estudyante, magsasaka mga stakeholders at maging mga policy makers.

Harvest Festival sa Talavera

Pinangunahan ni Kalihim Proceso J. Alcalá, ng Department of Agriculture ang ilang kaganapan sa Talavera, Nueva Ecija nang nakaraang buwan.

Mula sa PhilRice kung saan may naunang kaganapan, agad nagtuloy si Kal. Alcalá sa pagbubukas ng Murcon Dam sa Btg. Manayubok, Talavera. Pinasinayaan ng kalihim ang dam na matagal na ring nakatiwangwang upang muling magamit sa irigasyon.

Pagkatapos ng inagurasyon ng dam, nagtuloy na ang kalihim sa harvest festival na ginanap naman na Brgy. Kinalanguyan, sa bayan din ng Talavera. Kasama ni Alcalá si Congresswoman, Estrellita B. Suansing ng ikatlong distrito ng Nueva Ecija, NIA Administrator, Claro V.

Maranan, Mayor Nerivi Santos-Matinez ng Talavera at DA-RFO III Regional Director, Andrew V. Villacorta.

Kasama ang punong tagapamalakad na si Engr. Josephine B. Salazar ng Upper Pampanga River Integrated Irrigation System (UPRIIS) na punong abala sa buong kaganapan.

Nakiisa ang mga bisita nang nagsimulang gumapas si Alcalá. Naging mahalaga sa harvest festival ang pagpapakita sa mga magsasakang dumalo ang P10 milyong dambuhalang combine harvester na kayang gumapas ng isang ektarya sa loob ng isang oras.

Maipagmamalaki ng mga Irrigators Associations sa Kinalanguyan ang nagiging ani nila na lumalampas pa sa

200 sako isang isang ektarya sa sinampung ani ng mga Hybrid rice kung saan kulang sa 100 por-siyento ang gumamit ng kapalayang ito.

Sa ikatlong bahagi naman ng kaganapan ginanap ang open forum kung saan magtalumpati si G. Alcalá sabay sa pagbati sa mga dumalo. Ilan sa mga nagsipagsalita si Cong. Suansing, Mayor Martinez at si NIA Administrator, Maranan na pawing nagsipagpasalamat sa mga tulong ng DA sa mga Irrigators Associations. Naghain ng nga suliranin sa kanilang pagsasaka ang ilan sa mga dumalo.

Ang pinakalundo naman ng kaganapan na pinangunahan ni Dir. Villacorta ay ang loterya at pag-aabot ng limang handtractors at limang thresher sa mga mapalad na samahan ng nagpapatubig sa nasasakupan ng NIA. Kasama ring natanggap ang ilang sprayer na ibinigay naman ng HVCD ng DA-RFO III.

Nueva Ecija, nangunguna sa Farm Mechanization

Isa ang Nueva Ecija sa mga lalawigan sa buong bansa na nagtala ng pinakamataas na antas ng paggamit ng mga makinaryang pansakahan ayon sa mga pinakahuling surveys na ginawa sa upang malaman ang lebel ng pagtanggap sa mga makabagong makinarya sa bukid. Ilan pa sa mga sa mga lalawigan na nagpakita ng mataas na antas ng mekanisasyon ay Isabela, Kalinga at Pangasinan.

Ayon kay Executive Director Rex Bingabing ng Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization (PhilMech) ang antas ng paggamit ng mga makinaryang pambukid sa Nueva Ecija ay umaabot na sa 2.94 Horsepower bawat



isang ektarya para sa Threshing at Combine Harvester; 2.8 HP naman bawat ektarya sa pag-aararo; at 1.6 HP naman para sa pagsusuyod at pagpapatag ng bukid. Sa kabuohan, sinabi ni Dir. Bingabing na umaabot sa sa 8.90 HP bawat isang ektarya ang antas ng paggamit ng makinarya sa bukid ang Nueva Ecija.

Sa kasalukuyan, umaabot lamang sa 1.52 Horsepower ang antas ng paggamit ng mga maki-

na sa bukid.

Kapuna-puna nga ngayon ang dumadaming mga combine harvester na lumulusong sa mga palayan sa Nueva Ecija. Ayon sa ilang magsasakang nakapanayam, nauuso na ang combine harvester sa Nueva Ecija dahil napapatunayan nila na bukod sa malinis ang lumalabas na palay nakapagtupid pa sila. Kung dati rati ay umaabot sa halos 16 porsiyento ang upa nila sa gapas at giik, umaabot na lang ngayon sa 13 porsiyento. Mabilis pa ang operasyon.

Sa pagtaya ng PhilMech, unti-unting nararamdaman ng mga nagsasaka ang agresibong pagsulong ng DA sa programa ng Farm Mechanization.

Be RICEponsible, Inilunsad ng PhilRice

Inilunsad kamakailan ng Philippine Rice Research Institute (PhilRice) ang kampanya na Be RICEponsible na naglalayong ipagpatuloy ang sinimulang adbokasya nang National Year of Rice 2013.

Sinabi ni PhilRice Research Specialist, Hazel Antonio na hinihimok ng kampanyang Be RICEponsible ang bawat Pilipino na maging responsible sa pagkunsumo ng bigas. Ito ay bilang pakikibahagi sa mithiin ng pama-

halaan na magkaroon ng kasapatan sa bigas.

Isa sa mga titunumbok ng Be RICEponsible ang mga taga-ugit ng pamahalaan at mga policy makers na makagawa ng mga resolusyon o batas na makapagpapataas ng produksiyon ng palay at patuloy na imulat sa mamamayan na huwag maging maaksaya sa bigas. Hinihimok din ng kampanya na gumamit ng mga alternatibong bigas na mas masustansiya gaya ng Brown

Rice o Black Rice o pinawa.

Kaugnay nito, sinabi ni Antonio na may ilang lalawigan na, kagaya ng La Union at Bohol na napakagpasa na resolusyon na kalahating tasa lamang ng kanin ang maaring isilbi sa mga kainan. Hinihimok din ang mga food chains na magsama ng mga Black Rice at Brown Rice sa kanilang mga sisinisilbing kanin. Ilan lamang ito sa mga batas na dapat pag-isipan ng mga policy makers.

Maging Milyonaryo sa Pagsasaka



Kaya bang kumita ng isang milyong piso o higit pa ang isang magsasaka sa isang ektarya sa loob ng isang taon?

Walang pag-aalinlangan ang Philippine Rice Research Institute (PhilRice) na makakaya ito. Ang PhilRice ang nanguna sa kampanyang “Gusto Namin, Milyonaryo Kayo” na inilunsad kamakailan sa pagdiriwang ng apat na araw na Lakbay Palay sa isinagawa sa Central Experiment Station sa Science City of Munoz, Nueva Ecija sa pangunguna ni Kalihim Proceso Alcala ng Department of Agriculture.

Sinabi ni Dr. Eufemio T. Rasco, Executive Director ng PhilRice, na ang kampanya ay hindi lamang nakaukol sa paggamit ng makabagong teknolohiya, kundi sa pagbabago ng pananaw ng mga magsasaka. Nakatuon ang kampanya sa kahandaan ng mga magsasaka sa pag-angat ng antas ng kanilang kabuhayan sa pamamagitan ng paghahain ng iba’t ibang istratehiya sa pagsasaka na makatutulong sa kanila tungo sa pagbabago ng pananaw.

Apat na mensahe ang tinutumbok ng kampanya. Ito ay: paglilintang sa mga kaalaman ng mga magsasaka sa mga alternatibong pamamaraan upang mahigitan ang kanilang kinikita gaya ng diversified farming; kaalaman sa mga produktong malakas ang demand sa pamilihan (timing and marketing); pagtataas ng halaga ng mga produkto (processing); at huli ay technology adoption.

Naniniwala ang PhilRice na na kaya ngang abutin ang isang milyong piso kita sa isang taon. Napatunayan na nga ito ng ilang mga Gawad Saka winners

na kumikita ng mahigit isang milyon isang taon.

Huwag na tayong lumayo. Ang kasaysayan ni Reynaldo Hilario ng Capaniplahan, Talavera, Nueva Ecija ay isang buhay na patotoo na kaya ngang kitain ang gayong halaga ng mga magsasaka. Bukod kasi sa palayan ay may ilang ektarya pang gulayan si Rey. Nagtatanim siya ng sibuyas at iba’t ibang gulay ng mas maaga kaysa mga katabi. Nakukuha niya ang kataasan ng presyo ng kanyang mga tanim na nagbibigay sa kanya ng mataas na kita. Halimbawa ito ng pag-aaral sa marketing demand at timing.

Si Ravenal Quizon naman ng San Ildefonso ay nag-aalaga ng gatasang kalabaw, isang hanapbuhay na minana pa sa kanyang mga magulang. Ngunit sa halip na ipagbili ng sariwa ang gatas ng kalabaw, niluluto niya ang lahat ng gatas at ginagawang pastilyas. Napapataas niya ang halaga ng gatas ng magigit na doble sa kalakarang presyo. Halimbawa ito ng pagpapataas ng halaga ng paninda sa pamamagitan ng processing.

Maluwang din ang palayan ni Fernando Gabuyo ng San Jose City, Nueva Ecija. Ngunit nang m a k a b i l i siya ng may d a l a w a n g e k t a r y a n g lupain na p u w e d e n g g a w i n g t u m a n a , pinag-ukulan niya ng pansin ang pag-aalaga ng gulay.

Hindi siya nabigo. Sa 3,000 metro kuwadrado nga, umaani siya ng milyon sa sili lang. Bakit nga hindi, sa dalawang taong buhay ng sili, natataunan niya ang pinakamataas na presyo na nagmumula sa P500 bawat kilo hanggang sa P50 bawat kilo. Araw-araw niyang pinag-aanihan ito. Isang halimbawa ito ng alternative technology.

Sa mga taong nabanggit na kumikita ng mahigit isang milyon piso sa loob ng isang taon, iisa ang kanilang mga ginagawang paraan upang maiangat ang kanilang kabuhayan. Una ay diversified farming. Pangalawa ay nasusundan nila ang tamang oras ng pag-aani at demand ng kanilang mga produkto. Pangatlo ay gumagawa sila ng paraan upang maitaas ang halaga ng kanilang produkto (processing). Pang-apat ay ang kanilang paggamit ng angkop na teknolohiya.

Naniniwala ang PhilRice na sa apat na konseptong ito umiikot ang ambisyon na kumita ang mga magsasaka ng isang milyong piso isang ektarya sa isang taon.

